## PAHINTULOT PARA SA *DIGITAL PORTFOLIOS*

Mga Minamahal na Magulang at Tagapag-alaga,

Ang mga guro sa Distrito ng Paaralan ng Surrey ay may opsyong ipabatid ang kaalaman ng estudyante sa pamamagitan ng *personalized digital portfolios* gamit ang isang online tool na ang tawag ay *FreshGrade*. Ang *FreshGrade* ay isang makabagong paraan para iulat ang pag-aaral ng mga estudyante at pag-uugnayan ng ating pamilya sa mga paraan na katulad ng mga umuusong self-service. Ito ay mag-uulat sa takdang oras ng mga progreso/pag-unlad ng estudyante, paglahok ng magulang at suporta sa estudyante para sa ating mga pamilya ngayon. Kami ay naniniwala na ang *FreshGrade* ay magbibigay-daan para sa mas epektibong pakikipag-ugnayan sa mga magulang sa isang madali at tuloy-tuloy na paraan. Ang katibayan ng pag-aaral ay maaaring nasa anyo ng mga impormal na tala, mga larawan, mga link sa video o audio, at mga pansariling pagsusuri ng estudyante, at ipapaalam sa iyo ang tungkol sa progreso ng inyong anak batay sa pamantayan ng pag-aaral na iniakda sa mga aspeto na aralin.

Sa buong taon ng pasukan, ang mga estudyante ay magiging aktibong kalahok at responsable sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pag kuha ng kanilang katibayan ng pag-aaral o pagpili ng mga *artifacts* sa pakikipagtulungan ng mga guro. Ang pansariling pagsusuri o self-assessment at pag mumuni-muni ng estudyante sa kanilang pag-aaral ang magiging isang mahalagang bahagi ng kanilang mga portfolio. Bilang magulang, ikaw ay mahalagang makatanggap ng impormasyon sa napapanahong paraan upang ikagalak ang pag-aaral ng iyong anak, palawakin ang kanilang pag-iisip sa pamamagitan ng pagtatanong, magbigay ng suporta at makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak lalo na kung ito ay kinakailangan.

**ANG BAGO SA TAONG ITO** ay ang pagkakaroon ng "Google Translate", ito ay isang third party na serbisyong magbibigay daan para sa mga magulang na isalin sa alam nilang wika ang mga digital portfolio ng kanilang anak. Ang serbisyong ito ay magbibigay daan din sa mga guro na isalin ang mga mensahe ng mga magulang na nasa ibang wika. Bagamat ang serbisyong ito ay hindi lubusan na nai-isasalin ang isang wika, sa iba pang wika, naniniwala kami na ang "Google Translate" ay magbibigay sa mga magulang ng malawak na access at malalim na pang unawa sa mga nilalaman ng digital portfolio ng kanilang anak

Bago mo gamitin ang serbisyo ng "Google Translate", kailangan mong malaman na di tulad ng lahat ng iba pang data na ipinadala sa FreshGrade na naka imbak sa Canada, ay may posibilidad na ang impormasyong ipinadala upang maisalin sa pamamagitang ng serbisyo ng "Google Translate" ay maaaring makarating sa ibang bansa. Ang impormasyong isinasalin ay maaaring sumailalim sa batas ng mga ibang bansa, kabilang ang Estados Unidos, pag-access sa ilalim ng USA Patriot Act. Mangyaring lumagda/pumirma sa likod ng form na ito upang kumpirmahin na nabasa mo at nauunawaan mo ang posibleng panganib sa paggamit ng "Google Translate".

Bilang panligtas na kasanayan, kapag nakipag-ugnayan sa anumang serbisyong online, ang mga mag-aaral ay dapat maging ma-ingat at dapat iwasan ang pag-post ng personal na impormasyon o lokasyon na maaaring magamit upang matukoy kayo o pati ang ibang tao.

Upang maitala ng mga guro ang pag-aaral ng estudyante sa elektronik na paraan, kinakailangan ang iyong pahintulot. Ang lahat ng data sa loob ng *FreshGrade* ay nasa mga server na matatagpuan sa Toronto, Ontario at naka-encrypt habang naka-imbak at naka-transit. Ang mga account ay protektado ng password at ikaw lang, ang iyong anak, mga guro ng inyong anak, at ng sinumang binibigyan mo ng access ang maaaring makakita sa portfolio. Yamang ang pag-aaral ay isang panglipunang aktibidad at ang mga larawan/video na maaring magpakita ng pag-aaral ng iyong anak kasama ang ibang estudyante, dapat isaalang alang na huwag mag-post o huwag magbahagi sa social media ng ano mang nilalaman ng FreshGrade portfolio ng inyong anak na maaring may pangalan at o di kaya kawangis ng ibang mga mag-aaral sa klase. Sa pagbibigay ng iyong pahintulot, ikaw ay makakatanggap ng email tungkol sa paano mo maa-access ang digital portfolio ng iyong anak.

Bilang pampublikong institusyon, kami ay sakop ng BC Freedom Information at Protection Privacy Act. Alinsunod sa Batas na ito, dapat naming pangalagaan sa lahat ng oras ang pribadong kapakanan ng aming mga mag-aaral. Ang serbisyo ng FreshGrade ay ipunin ang mga rehistro at impormasyon na mula sa mga guro, magulang at mag-aaral gayon din ang iyong pangalan, user name, email address, telepono, larawan, pangalan at lokasyon ng paaralan kung saan ka kasapi. Kinokolekta din ng FreshGrade ang personal na impormasyon kapag and estudyante ay mag download ng mobile application, mag padala ng paanyaya at mga kahilingan para makipagtulungan sa mga gawain sa silid aralan. Ang FreshGrade **ay magbibigay lamang ng kanilang mga serbisyo sa mga nagkumpirmang estudyante na naka-enroll sa Distrito ng Paaralan ng Surrey.** Ang mga makikilahok na estudyante ay kailangang magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng pagpirma sa consent form. Pinatutunayan na ang kanilang personal na impormasyon ay maaring maipaalam at ito ay mahigpit na inimbak at ma-access sa Canada.


**Surrey School District 36** – Education Services Department 14033 92nd Avenue, Surrey, B.C. V3V 0B7
**Tel:** (604) 596-7733 **Fax:** (604) 595-5326 **www.sd36.bc.ca**

Surrey Schools

*** Mangyaring kompletuhin at ibalik ang form na ito sa iyong anak

**PAHINTULOT:**

Nabasa ko ang kalakip na liham mula sa Distrito ng Paaralan ng Surrey at naunawaan ko na sa pagpapatupad ng serbisyong nakabatay sa web na ang tawag ay *FreshGrade* aming pagsasama-samahin ang impormasyon tungkol sa mga estudyante na inipon ng Distrito bilang bahagi ng pagrehistro, gayon din ang mga gawain sa klase at iba pang mga nilalaman na idinagdag o ina-upload ng guro at estudyante sa serbisyong ito. Nauunawaan ko na ang layunin ng FreshGrade ay makapagbigay ng web-based/mobile tool na magdudulot ng mas epektibong komunikasyon at pakikipagtulungan sa mga mag-aaral, taga-pagturo at mga magulang tungkol sa mga ginawa, pinag-aralan at pagsusulit ng estudyante sa paaralan.

Sa pamamagitan ng paglagda/pagpirma sa kasuunduang ito, sa ngalan ko, o sa ngalan ng aking anak nauunawan ko at sumasangayon ako na:

- Ang Distrito ng Paaralan ay maaaring magbigay ng personal na impormasyon tungkol sa akin bilang magulang o tagapag-alaga, at ng aking anak na nabangit sa kalakip na liham. Ang pahintulot na ito ay para sa layunin na makilahok sa gawain at layunin ng FreshGrade;
- Ang lahat ng personal na impormasyon na ipinaalam o binigay sa FreshGrade ay *encrypted* at naka-imbak sa *external servers* na matatagpuan sa Canada. Ito ay pinamamahalaan ng mga *service provider* ng Distrito ng Paaralan;
- Ang personal na impormasyon ng mga estudyante sa FreshGrade ay maa-*access* ng mga guro ng mag-aaral at administrator ng paaralan, mga magulang;
- Ang paggamit ng FreshGrade ay pinamamahalaan ng patakaran ng Distrito ng Paaralang ng Surrey 5.780.1 at 5780.2
- Yamang ang pag-aaral ay isang panlipunang aktibitad at ang mga larawan/video ay maaaring i-pakita ang pag-aaral ng inyong anak na kasama ang ibang estudyante, dapat isaalangalang na huwag mag-post o huwag magbahagi sa social media ng anumang nilalaman ng nasa loob ng portfolio ng FreshGrade na maaring may pangalan at o di kaya kawangis ng ibang mga mag-aaral sa klase.
- Kung pinili mong gamitin ang serbisyong ng “Google Translate”, ang impormasyon na isinalin ay maaaring sumailalim sa mga batas ng ibang bansa, kabilang ang Estados Unidos, pag-access sa ilalim ng USA Patriot Act.

Ang pahintulot na ito ay may bisa ng **isang taon mula sa petsa kung kailan ito nilagdaan/pinirmahan o pagkatapos na kung kelan ang mag-aaral ay hindi na nasasakop ng Distrito ng Paaralan.**
Kung sa anumang punto gusto mong mag-withdraw ng pahintulot, makipag-ugnayan sa paaralan.

Pinatutunayan ko na aking nabasa at naunawaan ang patakaran ng Distrito ng paaralan sa pag gamit ng *FreshGrade*. (“Ang Patakaran sa Paggamit”) Ang *form* na ito ay dapat ibalik sa paaralan ng mag-aaral na may lagda at petsa kung kelan pinirmahan, para ma-*activate* ang FreshGrade account ng mag-aaral na pinangalanan sa ibaba.

| | |
|---|---|
| *Lagda ng Magulang o Taga-pagalaga* | *Lagda ng Mag-aaral (kung mahigit 13 ang edad)* |
| *I-print ang Pangalan* | *I-print ang Pangalan ng Mag-aaral* |
| *I-print ang Pangalan ng Paaralan* | *I-print ang Pangalan ng Guro* |
| *Email address ng Magulang* | *Pangalan ng Paaralan* |
| *Petsa ng Paglagda* | *Petsa ng Paglagda* |



**Surrey School District 36** – Education Services Department 14033 92nd Avenue, Surrey, B.C. V3V 0B7
**Tel:** (604) 596-7733 **Fax:** (604) 595-5326 **www.sd36.bc.ca**